Upang mapalago ang kapasidad sa paglikha ng milyun-milyong ektarya ng mga lugar na sahod-ulan sa Karnataka sa India, gumawa ang ICRISAT, sa tulong ng Kagawaran ng Agrikultura at *State Agricultural Universities*, ng isang modelo ng *scaling-up* na tinawag na *Bhoochetana* na ang big sabihin ay *soil rejuvenation* o pananariwa ng lupa. Ginagamit sa *Bhoochetana* ang pagtatasa sa kalagayan ng lupa bilang basehan ng mga siyentipikong pamamaraan na maaaring gamitin para sa kapakinabangan ng mga magsasaka sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng pangmatagalang teknolohiya sa pagpapalaki ng ani ng mga magsasaka na may epektibong pamamaraan ng *watershed management*.

Ang naging magandang epekto ng *Bhoochetana* sa nakalipas na apat na taon ay kakikitaan ng kakayanan ng siyentipikong pag-unlad at ng *partnership approach* sa bansa dahil milyun-milyong mga magsasaka ng mailit na mga lupa ay nakikinabang sa pagtaas ng ani ng mula 23% hanggang 66% sa iba't ibang lugar na may iba't ibang tanim. Nakapagtala rin sa pagtaas ng ani ng 5% sa buong bansa na mas malaki kung ikukumpara sa <2% na pagtaas noong 2000-2008 bago pa ipatupad ang *Bhoochetana*.

International Crops Research Institute for the Semi-Arid Tropics

Republic of the Philippines
Department of Agriculture (DA)

Ano ang mga patuloy na proyekto o gawaing nauugnay sa Yamang Lupa Program?

Lahat ng kasaluluyang programa at darating pa, maging mga NGO na naglalayong palakihin ang ani, mapaunlad ang kabuhayan, pangalagaan ang kalikasan, isiguro sa pagbuti ng ani, patuloy na pamamahala sa pangangalaga sa mga yaman at pagbuo ng isang *agroecosystem* ay makatutulong sa matagumpay na pagpapatupad ng programa.

Ano ang mga lugar na tinatarget ng programa?

Bagamat ang Yamang Lupa ay nakatuon sa mga lugar na sahod-ulan sa unang yugto na tatagal ng tatlong taon, ang mga lugar na gumagamit ng irigasyon ay makakasama na sa ikalawang yugto ng programa.

Lahat ba ng mga klase ng pananim ay kasama?

Ang mga pangunahing pananim ng karamihan ng mga magsasaka sa tag-araw at tag-ulan ay kasama sa programa.

How to reach us?

DA-Bureau of Agricultural Research (DA-BAR)
Telephone: (632) 928-0624 & 928-0505
Fax: (632) 927-5691
Website: http//www.bar.gov.ph

DA-Bureau of Soil & Water Management (DA-BSWM)
Telephone: (632) 332-9534
Fax: (632) 332-9534
Email: bswmclientcenter@yahoo.com
Website: http//www.bswm.da.gov.ph

DA- Regional Field Office VIII
Telephone: 321-7379, 321-3043, 321-3047
Fax: 053-321-48-74
Email: lvctorres@yahoo.com

DA- Regional Field Office IX
Telephone: 062-333-2537
Fax: 062-333-2537
Email: dawezmiarc@yahoo.com

Southern Luzon State University (SLSU)
Telephone: (042)540-4816
Fax: (042)540-4816
Email: info@slsu.edu.ph

Spearheaded by:

Department of Agriculture (DA)

International Crops Research Institute for the Semi-Arid Tropics

Implementing/Collaborating Institutions:

- Bureau of Agricultural Research (BAR)
- Bureau of Soil and Water Management (BSWM)
- Agricultural Training Institute (ATI)
- Bureau of Plant Industry (BPI)
- DA-Regional Field Offices (DA-RFOs) - NA, VIII & IX
- Local Government Units (LGUs)
  - Saritaya, Quezon
  - Sta. Rita, Samar
  - R.T Lim, Zamboanga Sibugay
- State Colleges and Universities (SUCs)
  - Southern Luzon State University (SLSU)
  - Western Mindanao State University (WMSU)
  - Visayas State University (VSU)
- Farmer Groups (FGs)
- Non-Government Organizations (NGOs)
- Private Sectors (PSs)

Programang Yamang Lupa:

Pag-aangkop ng mga Prinsipyo at Pamamaraan ng *Bhoochetana* sa Pamamahala ng Likas na Yaman Tungo sa Matatag na Agrikultura sa Pilipinas

Mga Karaniwang Katanungan Tungkol sa Yamang Lupa Program

Ano ang Yamang Lupa Program?

Ito ay isang programang pagpapaunlad sa tulong ng agham na gumagamit ng mga tuntunin at pamamaraan ng programang *Bhoochetana* ng India upang mapaunlad ang kabuhayan ng mga maliit na magsasaka sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagpapataas ng ani at kita sa wastong pamamahala ng lupa, tubig, ani at sustansya ng mga tanim.

Ito ba ay naaangkop sa Pilipinas?

Dahil sa unti-unting pagkaubos ng mga likas na yaman, bumababa ang kapakinabangan sa mga lupaing agrikultural. Gayunpaman, posible itong masolusyonan sa pamamagitan ng Program Yamang Lupa na gumagamit ng konsepto at pamamaraang nagmula sa matagumpay na *Bhoochetana Program* bilang modelo sa pagpapaunlad sa ba't ibang parte ng bansa. Makakatulong ang programang maibsan ang kahirapan at maitaas ang estadong panlipunan sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pangkabuhayan ng mga pamilya ng mga magsasaka. Ito ay ipinatutupad ng *International Crops Research Institute for the Semi-Arid Tropics* o ICRISAT sa tulong ng Kagawaran ng Agrikultura ng Pilipinas, at mga institusyong pang-akademiko at pananaliksik.

Ano ang bisyon ng programa?

Patuloy na pag-unlad ng kabuhayan ng mga maliliit na magsasaka sa pamamagitan ng pagbuo ng pamamaraang nakasentro sa pagsasaka, suportado ng agham, *inclusive, resilient* at pang-merkadong pamamaraan tungo sa maunlad na agrikultura sa Pilipinas.

FAQ

About ICRISAT

International Crops Research Institute for the Semi-Arid Tropics

The International Crops Research Institute for the Semi-Arid Tropics (ICRISAT) is a non-profit, non-political organization that conducts agricultural research for development in Asia and sub-Saharan Africa with a wide array of partners throughout the world. Covering 6.5 million square kilometers of land in 55 countries, the semi-arid tropics have over 2 billion people, of whom 644 million are the poorest of the poor. ICRISAT innovations help the dryland poor move from poverty to prosperity by harnessing markets while managing risks – a strategy called Inclusive Market-Oriented Development (IMOD).

ICRISAT is headquartered in Patancheru near Hyderabad, Andhra Pradesh, India, with two regional hubs and five country offices in sub-Saharan Africa. It is a member of the CGIAR Consortium. CGIAR is a global research partnership for a food secure future.

About ICRISAT: www.icrisat.org

ICRISAT's scientific information: http://EXPLOREit.icrisat.org

CGIAR

ICRISAT is a member of the CGIAR Consortium

Contact Information:
ICRISAT Patancheru
(Headquarters)
Patancheru 502 324
Andhra Pradesh, India
Tel +91 40 30713071
Fax +91 40 30713074
icrisat@cgiar.org

International Crops Research Institute for the Semi-Arid Tropics

Republic of the Philippines
Department of Agriculture (DA)

Ang Pilipinas ay may kabuuang lawak ng lupa na 30 milyong ektarya, 33% (9.3 M ha) ay mapagtatanim kung saan 75% (6.98 M ha) nito ay sahod-ulan. Dahil inaasahang madadagdagan ng dalawang milyon ang populasyon ng Pilipinas taun-taon, ang paggawa ng pagkain, pagkakaroon ng seguridad sa pagkain at nutrisyon, at pagpapabuti sa kabuhayan habang pinananatili ang likas-yaman ay mga hamong nangangailangan ng agarang solusyon.

Ang ICRISAT, sa tulong ng pamahalaan ng Pilipinas at *Research and Development Institutions*, ay gagamit ng mga pamamaraan at konsepto ng *Bhoochetana* sa mga piling lugar sa Pilipinas na sahod-ulan. Upang mapalaki ang ani ng mga piling tanim na magpapaunlad sa kabuhayan ng mga nasa probinsya.

Hangarin

Bumuo ng agrikulturang naaayon sa klima upang mapaunlad ang kabuhayan ng mga sumasaka sa maliliit na lupa, pagandahin ang seguridad sa pagkain at nutrisyon hang pinananatili ang maayos na kapaligiran sa pamamagitan ng pagbuo ng isang matibay at masaganang agrikultura sa Pilipinas

Layunin

- Surin ang kalusugan ng lupa sa lugar sa pamamagitan ng stratified soil sampling at maghanda ng mga mapang nagsasaad ng katabaan ng lupa at mga rekomendasyon para dito
- Bumuo, magsuri at ipakilala ang mga pinakamagandang pamamaraan na pamamahala sa lupa, tubig at tanim upang mapataas ang ani at kita ng mga magsasaka nang 20% sa pamamagitan ng *Inclusive Market-Oriented Development (IMOD) Approach*
- Mapaunlad at mapalakas ang kasalukuyang sistema ng pamamahagi ng binhi upang mapanatili ang kalidad ng binhi na mas malaki ang ani upang mapataas ang ani ng mga magsasaka
- Gumawa at magsagawa ng pilot test ng simple pero epektibong sistema sa paghahatid ng impormasyong gumagamit ng *Information and Communication Technology (ICT)* para sa mga magsasaka
- Mapataas ang kapasidad ng mga kinauukulan (*stakeholders*) sa pagpapaganda ng ani sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pagpapaunlad

Mga Kalahok

Ang grupo ay binubuo ng mga ahensyang nasa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura kasama na ang mga institusyong nasa akademiko, pananaliksik, extensyon at pagpapaunlad kabilang na ang ICRISAT, mga *State Universities and Colleges* (SUCs), mga lokal na pamahalaan, pati na rin ang mga pribado at pang-komunidad na organisasyon.

Mga prinsipyo sa pagkuha ng pinagsamang aksyon ng mga kalahok

4Cs: *Consortium, Convergence, Capacity building* at *Collective Action*
4Is: *Innovation, Inclusiveness, Integration* at *Intensification*
4Es: *Efficiency, Economic gain, Equity* at *Environment*

Pagpapatupad ng Programa

Pag-Aangkop sa Konsepto ng *Bhoochetana*

→ **Pagpapatupad ng Programa** → **Pagtatasa ng mga Kinalabasan at Epekto** → **Pag-unlad ng Konsepto sa Yamang Lupa**

Mga pangunahing teknolohiya at pamamaraang gagamitin sa programa

- Magrekomenda ng pampataba na naaangkop sa bawat lugar base sa magiging resulta ng mga pagsusuring isasagawa sa lupa
- Makapagbahagi ng mga uri ng binhi at hindi nasisira sa tagtuyot
- Tamang paggamit ng lupa at tubig kagaya ng *broadbed furrow system, contour farming, mulching* at *precise irrigation*
- Balanseng nutrisyon, tamang paggamit ng tubig at sustansya para sa lupa at halaman
- Paggamit ng murang mga *biofertilizer* na hindi nakasisira sa kalikasan gaya ng *Rhizobium, Azospirillium* at *Azotoacter* at organic compost bilang suplemento sa kemikal na pataba
- *Biocontrol agents* na gaya ng *Trichoderma viridae* na gagamitin sa paggamot ng lupa at binhi ng pananim upang mawala ang mga *fungi* na maaaring pagmulan ng sakit ng halaman
- *Integrated Pest Management* (IPM) na kinabibilangan ng biyolohikal at kemikal na pamatay-kulisap sa halaman sa tamang dami, *tolerant varieties* at pagmomonitor sa mga insekto gamit ang *pheromone traps*
- *Dry and deep plowing* bago ang panahon ng tag-ulan upang matipid ang tubig na maaaring gamitin ng halaman
- Maunlad na sistema ng pagtatanim: paggamit ng salit-tanim, mara-mihan at sunud-sunod na pagtatanim, lalo na sa *rice-fallow system*
- Pagpapakilala sa magsasaka ng mga bagong pananim gaya ng *pigeon pea*, mais, mani, *chick pea, sorghum* at iba pa na maaaring langkop sa mga nakatiwangwang na lupa

Mga Gawain

1. Pagsasampol ng lupa, pagsusuri at pagmamapa

- Tukuyin ang mga barangay sa mga munisipalidad na sakop ng programa at sanayin ang mga magsasaka na magkolekta ng mga sampol ng lupa gamit ang *stratified soil sampling technique*
- Surin at bigyang-kahulugan ang mga datos upang malaman ang kalagayan ng lupa
- Maghanda ng mga mapang ginamitan ng GIS na nagpapakita ng estado ng nutrisyon, mga rekomendadong pataba at maikalat ang resulta ng mga pagsusuri sa pamamagitan ng mga *billboard, poster, pocket book* at *soil health cards*
- Makagawa ng mga pamamaraan ng pag-aalaga sa nutrisyon sa lupa base sa mga pagsusuri sa lupa sa antas ng barangay
- Maghanda ng *land use maps* base sa mga pagsusuri sa lupa
- Makapagtayo ng makabagong mga laboratoryo para sa pagsusuri ng lupa at halaman at magsanay sa mga pagsasanay ng ICRISAT tungkol sa pagpapatakbo at paggamit ng mga pasilidad

2. Pagpaparami ng ani

- Magkolekta ng datos na *baseline* ng *socio-economic* at pisikal na limitasyon
- Magsali ng mga *Farmer Facilitators* (FFs) at mga *Lead Farmers* (LFs) sa programa
- Tukuyin ang mga pangunahing pananim at masuri ang pinakamabisang paraan sa pagpapaunlad ng kanilang ani
- Ipakita ang mga pamamaraan ng pamamahala sa nutrisyon na base sa mga pagsusuri sa lupa sa pamamagitan ng pagsubok sa mga magsasaka
- Itulong ang mga magsasaka sa pagpapaunlad at pamamahala sa pagtitipid sa lupa at tubig

3. Pagpapalakas ng sistema sa binhi

- Alamin ang persepsyon at ang pagpipilian ng mga magsasaka sa mga binhing mataas ang kalidad at malaki ang ani
- Itulong ang mga magsasaka sa pagsusuri at pagpili ng mga *cultivar* o uri ng halaman na pararamihin
- Magtayo ng mga *self-help groups* ng mga magsasaka, lalo na para sa mga babae, upang magsanay sa pagpaparami, pag-uuri, pagproproseso at pag-iimbak ng binhi
- Magtayo ng mga *seed banks* sa mga nayon at palakasin ang mga ito upang sila'y maging *microentrepreneurs* sa pamamagitan ng pagpapakilala sa kanila ng Kagawaran ng Agrikultura at ng mga *State Universities and Colleges* (SUCs)



Ano ang misyon ng programa?

Ang programang ito ay magtatatag ng pinagsama-sama at boluntaryong pamamaraang may basehan sa agham upang mapataas ang kapakinabangan ng mga magsasaka sa pamamagitan ng pagsasanib ng agrikultural na pananaliksik at mga institusyong pagpapalawak at pagpapaunlad.

Ano ang mga layunin ng programa?

1. Surin ang kalusugan ng lupa sa lugar sa pamamagitan ng stratified soil sampling at maghanda ng mga mapang nagsasaad ng katabaan ng lupa at mga rekomendasyon para dito
2. Bumuo, magsuri at ipakilala ang mga pinakamagandang pamamaraan ng pamamahala sa lupa, tubig at tanim upang mapataas ang ani at kita ng mga magsasaka nang 20% sa pamamagitan ng *Inclusive Market-Oriented Development (IMOD) Approach*
3. Mapaunlad at mapalakas ang kasalukuyang sistema ng pamamahagi ng binhi upang mapanatili ang kalidad ng binhi na mas malaki ang ani upang mapataas ang ani ng mga magsasaka
4. Gumawa at magsagawa ng pilot test ng simple pero epektibong sistema sa paghahatid ng impormasyong gumagamit ng *Information and Communication Technology (ICT)* para sa mga magsasaka
5. Mapataas ang kapasidad ng mga kinauukulan (*stakeholders*) sa pagpapaganda ng ani sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pagpapaunlad

Sinu-sino ang mga kalahok?

Ang grupo ay binubuo ng mga ahensyang nasa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura kasama na ang mga institusyong nasa akademiko, pananaliksik, extensyon at pagpapaunlad kabilang na ang ICRISAT, mga *State Universities and Colleges* (SUCs), mga lokal na pamahalaan, pati na rin ang mga pribado at pang-komunidad na organisasyon.

Sinu-sino ang mga pangunahing tagapagpatupad nito?

Ang programang ito ay pinamumunuan ng Kagawaran ng Agrikultura. Gayunpaman, malaki ang magiging bahagi ng lokal na pamahalaan sa tagumpay at panahon ng epekto nito. Ang mga local na pamahalaan ang magbibigay ng serbisyo at sisiguro ng magagamit ng mga magsasaka ang mga pamamaraang nasasaad sa programa.

Ano ang mga prinsipyo sa pagkuha ng pinagsamang aksyon ng mga kalahok?

Ang programang ay nakasalig sa tatlong mahalagang mga sandigan:
4Cs: *Consortium, Convergence, Capacity building* at *Collective Action*
4Is: *Innovation, Inclusiveness, Integration* at *Intensification*
4Es: *Efficiency, Economic gain, Equity* at *Environment*

Anu-ano ang mga pangunahing teknolohiya at pamamaraang gagamitin sa programa?

- Magrekomenda ng pampataba na naaangkop sa bawat lugar base sa magiging resulta ng mga pagsusuring isasagawa sa lupa
- Makapagbahagi ng mga uri ng binhi na hindi nasisira sa tagtuyot
- Tamang paggamit ng lupa at tubig kagaya ng *broadbed furrow system, contour farming, mulching* at *precise irrigation*
- Balanseng nutrisyon, tamang paggamit ng tubig at sustansya para sa lupa at halaman
- Paggamit ng murang mga *biofertilizer* na hindi nakasisira sa kalikasan gaya ng *Rhizobium, Azospirillium* at *Azotoacter* at organic compost bilang suplemento sa kemikal na pataba
- *Biocontrol agents* na gaya ng *Trichoderma viridae* na gagamitin sa paggamot ng lupa at binhi ng pananim upang mawala ang mga *fungi* na maaaring pagmulan ng sakit ng halaman
- *Integrated Pest Management* (IPM) na kinabibilangan ng biyolohikal at kemikal na pamatay-kulisap sa halaman sa tamang dami, *tolerant varieties* at pagmomonitor sa mga insekto gamit ang *pheromone traps*
- *Dry and deep plowing* bago ang panahon ng tag-ulan upang matipid ang tubig na maaaring gamitin ng halaman
- Maunlad na sistema ng pagtatanim: paggamit ng salit-tanim, maramihan at sunud-sunod na pagtatanim, lalo na sa *rice-fallow system*
- Pagpapakilala sa magsasaka ng mga bagong pananim gaya ng *pigeon pea*, mais, mani, *chick pea, sorghum* at iba pa na maaaring iangkop sa mga nakatiwangwang na lupa

Ano ang magiging bahagi ng mga lokal na pamahalaan sa pagpapatupad ng programa?

- Magsilbing tulay ng pagtutulungan ng mga kagawaran at ahensya ng lokal na pamahalaan
- Tukuyin ang pamamaraan ng pamamahala sa pamamagitan ng paghikayat ng tulong mula sa mga kinauukulang kagawaran, mga mambabatas at iba pang mga opisyal ng gobyerno
- Tumulong sa paghahanda ng mga detalye ng *action plans*
- Maglaan ng mga *resources* upang masuportahan ang mga iskema ng program sa *farm inputs* at mga pamamaraang maaaring gamitin ng mga magsasaka
- Makapagtatag at palakasin pa ang koneksyon sa pagitan ng mga magsasaka at merkado
- Magbigay-parangal sa mga katangi-tanging magsasaka at *agricultural technicians* sa pambarangay at munisipal na antas
- Tukuyin ang mga lugar na kailangan, klase ng tanim, at mga magsasakang makakatulong sa pagkonsulta sa kinauukulan
- Kumuha ng mga magsasakang maaaring magsilbing tagapagturo (*Farmer Facilitators*) at tagapamahala (*Lead Farmers*) na magsisilbing *extension workers* na tutulong sa mga magsasaka at *agricultural technicians*
- Manguna sa pagkolekta ng mga sampol ng lupa sa mga barangay na isasailalim sa pagsusuri
- Makipagtulungan sa mga NGO sa pagpapatupad ng programa, tulungan ang mga FF at LF sa araw-araw na pagsubaybay, pamamahala at pagbabay sa mga magsasaka sa komunidad
- Makapagtayo at sumuporta sa *pilot projects* para tumaas ang halaga ng mga produkto sa tulong ng kababaihan at mga magsasaka

Ano ang kwalipikasyon ng mga lokal na pamahalaan upang makasali at maipatupad ang programa?

- Kinakailangang mayroong mga programa o proyektong *Research for Development* (R4D) sa crop *productivity enhancement* (CPE) na patuloy na ipinatutupad
- May manggagawa na maaaring magpatupad ng programa o proyekto
- Mayroong institusyonal na badyet para sa CPE at iba pang kauring mga programa
- Maaaring maglaan ng parte ng nasabing badyet sa Yamang Lupa Program
- Kung wala, ay nakahandang maghanap ng mapagkukunan at makipagtulungan sa mga institusyon katulad ng DA, ICRISAT, SUCs at iba pa

Paano mapapaganda ng programa ang merkado para sa mga magsasaka?

Ang IMOD *approach* ng ICRISAT ay magsisilbing daan sa pag-unlad na kung saan ay makakatulong ang mga *innovations* na makakapagbigay ng mas malaking kita sa merkado habang tinitimbang ang mga opsyon. Iuugnay rin ang mga magsasaka sa mas matatag na mga pamilihan upang maging mas maganda ang presyo ng kanilang produkto.

IEC Materials: Barangay Soil Health Status

Taon ng pagkuha ng sampol ng lupa: ***2016***
Bilang ng sampol sa barangay: ***15***
Lalim ng pagkuha ng sampol: ***0-15 sentimentro***

KALAGAYAN NG SUSTANSYA NG LUPA SA BARANGAY
Brgy. Gibanga, Sariaya, Quezon

RESULTA NG PAGSUSURI NG LUPA

Impormasyon sa Kalusugan ng Lupa	Kritikal na Hangganan	Obserbasyon	Resulta
1. pH ng Lupa	-	5.17	Maasim
2. Electrical conductivity	<0.8	0.13	Normal
Pangunahing Elemento			
3. Organic Carbon (%)	2.0	2.00	Hindi Sapat
4. Available Phosphorus (ppm)	10	12.87	Sapat
5. Available Potassium (ppm)	75	403.47	Sapat
Sekundaryang Elemento			
6. Available Sulfur (ppm)	10	30.93	Sapat
Micronutrients			
7. Available Zinc (ppm)	0.75	4.37	Sapat
8. Available Iron (ppm)	2.00	117.00	Sapat
9. Available Copper (ppm)	0.50	7.38	Sapat
10. Available Manganese (ppm)	1.00	135.88	Sapat

SUSTANSYANG KAILANGAN NG HALAMAN (kilo kada ektarya)

Halaman	N	P_2O_5	K_2O	S	Zn	B
Ampalaya	50	60	30	30	10	0.5
Kalabasa	80	60	40	30	10	0.5
Kamatis	80	90	60	30	10	0.5
Labanos	80	50	80	30	10	0.5
Luya	70	40	75	30	10	0.5
Mais	120	60	30	30	10	0.5
Mustasa at Pechay	140	30	60	30	10	0.5
Okra at Talong	80	60	60	30	10	0.5
Pakwan	60	90	45	30	10	0.5
Palay	90	60	60	30	10	0.5
Patola at Upo	60	60	45	30	10	0.5
Pipino	60	100	45	30	10	0.5
Sibuyas at Bawang	60	60	120	30	10	0.5
Sigarilyas at Sitaw	40	40	45	30	10	0.5
Siling Panigang	90	60	120	30	10	0.5
Siling Tingala	80	60	75	30	10	0.5

REKOMENDASYON SA PATABA (kilo kada ektarya)

Halaman	Urea	16-20-0	0-0-60	21-0-0-24S	Zinc sulfate	Borax
Ampalaya	33	150	25	51	25	5
Kalabasa	98	150	33	51	25	5
Kamatis	72	225	50	51	25	5
Labanos	94	225	100	51	25	5
Luya	94	100	63	51	25	5
Mais	185	150	25	51	25	5
Mustasa at Pechay	255	75	50	51	25	5
Okra at Talong	98	150	50	51	25	5
Pakwan	29	225	38	51	25	5
Palay	120	150	50	51	25	5
Patola at Upo	55	150	38	51	25	5
Pipino	20	250	38	51	25	5
Sibuyas	55	150	100	51	25	5
Sigarilyas at Sitaw	29	100	38	51	25	5
Siling Panigang	120	150	100	51	25	5
Siling Tingala	98	150	63	51	25	5

Hatid sa inyo ng YAMANG LUPA PROGRAM CALABARZON

IEC Materials: Barangay Soil Health Maps





IEC Materials: Fertilization and Liming Guides

Dami ng apog o *agricultural lime* (t/ha) na dapat ilagay para mapataas hanggang 6.0 ang pH ng maasim (*acidic*) na lupa

pH	Sandy	Sandy Loam	Loam	Silt & Clay Loam	Clay
4.0	2.0	3.5	4.5	6.0	7.5
4.5	1.5	2.5	3.2	4.2	5.2
5.0	1.0	1.5	2.0	2.5	3.0
5.5	0.5	0.7	0.9	1.1	1.3

Source: The Philippines Recommends for Soil Fertility Management. DOST-PCARRD, 2006.

GABAY SA PAG-AABONO

TANIM	DAMI AT PARAAN	PANAHON
PALAY	Kalahati ng Nitrogen, Sulfur at Boron, at lahat ng Phosphorus, Potassium at Zinc bilang *basal*	Pagkatapos ng huling pag-susuyod o hanggang 10 araw pagkatanim
	Kalahati ng Nitrogen, Sulfur at Boron bilang *top dress*	Sa pagbubuntis ng palay o 40-45 araw pagkatanim
KAMOTE, BALINGHOY, UBE, GABI, URARO, OKRA, MANI, MUNGGO AT SITAW	Lahat ng abono bilang *basal*	Sa pagtatanim
PECHAY, MUSTASA, REPOLYO, LITSUGAS, *CAULIFLOWER* AT *BROCCOLI*	2/3 ng Nitrogen at lahat ng Phosphorus, Potassium, Sulfur, Zinc at Boron bilang *basal*	Isang linggo pagkatanim o pagkatapos makabawi sa *transplant shock*
	1/3 ng Nitrogen sa dalawang *side dress*	30 at 40 araw pagkatanim
KAMATIS, TALONG AT SILI	2/3 ng Nitrogen , Sulfur at Boron at lahat ng Phosphorus, Potassium at Zinc bilang *basal*	Sa pagtatanim
	1/3 ng Nitrogen , Sulfur at Boron bilang *side dress*	20-30 na araw pagkatanim
BAWANG AT SIBUYAS	2/3 ng Nitrogen , Sulfur at Boron at lahat ng Phosphorus, Potassium at Zinc bilang *basal*	Sa pagtatanim
	1/3 ng Nitrogen , Sulfur at Boron bilang *side dress*	30 na araw pagkatanim
LABANOS AT *CARROT*	Kalahati ng Nitrogen , Sulfur at Boron at lahat ng Phosphorus, Potassium at Zinc bilang *basal*	Sa pagtatanim
	Kalahati ng Nitrogen , Sulfur at Boron bilang *side dress*	Tatlong linggo pagkatanim
AMPALAYA	2/3 ng Nitrogen , Sulfur at Boron at lahat ng Phosphorus, Potassium at Zinc bilang *basal*	Sa pagtatanim
	1/3 ng Nitrogen , Sulfur at Boron bilang *side dress*	Kapag gumagapang na ang mga baging ng halaman
KALABASA AT PIPINO	Kalahati ng Nitrogen , Sulfur at Boron at lahat ng Phosphorus, Potassium at Zinc bilang *basal*	Sa pagtatanim
	Kalahati ng Nitrogen , Sulfur at Boron bilang *side dress*	4 hanggang 6 na linggo pagkatanim

FIELD DEMONSTRATION RESULTS

FIELD DEMONSTRATION RESULTS

Wet Season Rice Yield



Dry Season Rice Yield



Wet Season Tomato Yield



Dry Season Tomato Yield



Wet Season String Beans Yield



Dry Season String Beans Yield



Yield Comparison of Other Crops



Average Net Income Comparison

CROPS	NET INCOME (PhP/ha)		% Difference
	FP	YLP	
Rice	25,455.75	35,788.04	**40.59**
Tomato	207,288.51	260,331.67	**25.00**
String beans	115,869.50	142,505.38	**22.99**
Bitter gourd	61,966.20	87,786.00	**41.67**
Bottle gourd	101,850.00	158,890.00	**56.00**
Watermelon	191,111.11	320,000.00	**67.44**
Onion	87,500.00	124,000.00	**41.71**
Radish	25,215.00	42,514.80	**68.61**
Chili Pepper	165,244.50	243,957.99	**47.63**

Average ROI and BEP Comparison

CROPS	ROI		BEP (PhP/kg)	
	FP	YLP	FP	YLP
Rice	1.05	**1.38**	9.54	**7.90**
Tomato	2.62	**4.24**	11.24	**6.75**
String beans	1.43	**1.76**	8.06	**7.18**
Bitter gourd	2.36	**2.84**	5.78	**5.20**
Bottle gourd	0.39	**2.74**	4.80	**2.11**
Watermelon	0.51	**1.73**	5.81	**2.44**
Onion	0.33	**0.66**	13.63	**7.30**
Radish	1.57	**2.52**	3.78	**1.92**
Chili Pepper	1.57	**2.52**	37.6	**25.4**

Other Activities

Presentation in RDE Fora



- **YLP Poster and Paper Presented in SAFSen-ASEAN Smart Farmers Regional Carnival in Thailand.** January 2015

Presentation in RDE Fora

- **28th STARRDEC Regional Symposium on Research, Development and Extension Highlights, Oct.8-9, 2015**
  - Best Extension Poster & 2nd Best Extension Paper

Presentation in RDE Fora

- **2nd National Multi Sectoral Extension Services Convention, June 22-24, 2016**
  - 2nd Best Extension Practice

Lead Farmer and Farmer Cooperator **Angelito Mendoza** recognized as **Outstanding High Value Crops Farmer in 2017 Regional Gawad Saka Awards**

Capacity Building of Future Farmers, Researchers, & Extensionists

Insights

Productivity of rainfed areas could be enhanced through soil health approach. Crop yield increased during wet and dry season by

- 10% and 7% for rice
- 29% and 24% for tomato
- 100% and 43% for string beans
- 119% for Onion
- 105% for Radish
- 64% for Watermelon
- 51% for Bottle gourd
- 34% for Bitter gourd

Insights

- Net income could be increased from 22% to 68% across all crops
- Return on investment (ROI) could be higher
- Break even price (BEP) could be lower

Insights

- Continuous capacity building of farmers is crucial in productivity enhancement

- ICT plays simple but instrumental role in documentation, monitoring, and awareness building

- Availability of inputs will ensure adoption of technology/ies

- Women farmers take more active role in project documentation, monitoring and evaluation

Recommendations

Conduct of region-wide or province-wide diagnostic soil sampling and comprehensive soil analysis which should be repeated every 3 years

Review the current fertilizer recommendations to match the crop requirements and conditions of the soil

Upgrade Regional and Provincial Soils Laboratories

Maintain and update database on soil nutrient status in all soils laboratories

Tap willing farmers and trained them as soil paratechnicians

Recommendations

Strengthen partnership with LGUs which might provide subsidy for the cost of soil analysis and soil micronutrients

Adoption of soil health card recommendations as a decision support tool in all banner programs of the government

Include the cost of soil analysis in Profitability/Cost and Return Analysis of agricultural commodities which should be equally distributed in all cropping seasons for a period of 3 years

Increase the number of women participants as they take more active role in awareness campaign and information dissemination

ANG LUPA AY BUHAY

THANK YOU FOR YOUR ATTENTION!

YLP Region 4A

ICRISAT
Science with a human face